



# Pagdaan sa Australia

Sa pahinang ito

- [Mga kinakailangan sa visa para sa pagdaan sa Australia](#)
- [Mga kaayusan ng kwarantina sa pagdaan](#)

Awtomatiko kang pinahihintulutan (at hindi na kailangang humiling ng pahintulot) kung dadaan ka sa Australia sa loob ng hindi lalampas sa 72 oras.

Kung nais mong mamalagi sa Australia nang mahigit sa 72 oras sa paghihintay ng iyong connecting flight, hindi ka itinuturing na dumadaan sa Australia at kakailanganin mong humiling ng pahintulot mula sa mga paghihigpit sa pagbibiyaha sa Australia.

Kailangan mong sumunod sa mga kinakailangan sa kwarantina ng estado o teritoryo kung saan ka dumating.

## Mga kinakailangan sa visa para sa pagdaan sa Australia

Para dumaan sa Australia, kailangan mong magmay-ari ng isang may bisang visa o magmula sa isang karapat-dapat na bansa para [Dumaan nang Walang Visa \(Transit Without a Visa, TWOV\)](#).

Kung wala kang may bisang visa o hindi karapat-dapat para sa TWOV, kailangan mong mag-apply ng visa para makapasok sa Australia.

Para dumaan sa Australia sa loob ng hanggang 72 oras, mag-apply ng [Transit visa \(subclass 771\)](#).

Kung kailangan mong manatili nang mas matagal, hindi ka dumadaan at kailangan mong mag-apply ng ibang visa. Tingnan ang [tuklasin ang iyong mga opsyon sa visa](#) at [Pagpunta sa Australia](#).

## Mga kaayusan ng kwarantina sa pagdaan

Kailangan mong sumunod sa [mga kinakailangan sa kwarantina](#) sa estado o teritoryo kung saan ka dumating. Maaaring kailanganin mong manatili sa matutuluyang hotel at maaaring hilingin sa iyo na magbayad para sa iyong pananatili, habang hinihintay mo ang iyong flight paalis. Para sa impormasyon sa mga kinakailangan sa kwarantina, makipag-ugnayan sa angkop na [kagawaran ng kalusugan ng gobyerno sa estado o teritoryo](#).